

## Mga Tagubilin sa Aplikasyon sa Affordable Connectivity Program (FCC Form 5645)

### Pahina 1: Tungkol sa Affordable Connectivity Program

Ang Affordable Connectivity Program (ACP) ay isang programa ng pederal na gobyerno na nagbibigay ng \$30 na non- Tribal o \$75 na Tribal na buwanang diskwento sa mga serbisyo sa internet, at, kung saan available mula sa mga kalahok na kumpanya ng internet, isang one-time na diskwento sa isang nakakonektang device para sa mga kwalipikadong consumer na maliit ang kita. Ang ACP ay nagbibigay ng buwanang diskwento sa internet at benepisyo sa isang nakakonektang device kada sambahayan.

### Mga Tuntunin

Kung magiging kwalipikado kayo, makakatanggap ang inyong sambahayan ng isang buwanang benepisyo sa ACP na umaabot ng \$30 para matustusan ang halaga ng inyong serbisyo sa internet, at hanggang \$75 sa mga kwalipikadong Tribal na lupa. Sa pamamagitan ng programa, maaari ding mag-alok ang kumpanya ng inyong internet ng isang one-time na benepisyo sa device na nakakonekta sa internet nang hanggang \$100 para sa isang desktop computer, tablet, o laptop na may kinakailangang co-payment na mahigit \$10 pero mas mababa sa \$50.

Hindi puwedeng matanggap ng inyong sambahayan ang benepisyo sa ACP mula sa higit sa isang kumpanya. Pinapayagan lang kayong makatanggap ng isang benepisyo sa ACP kada sambahayan, **hindi kada tao**.

Ang Affordable Connectivity Program ay iba pa sa Lifeline Program ng FCC. Kung kwalipikado ang inyong sambahayan para sa parehong programa, puwede kayong mag-apply para sa at tanggapin ang dalawang benepisyo sa pareho o ibang serbisyo. Halimbawa, puwede kayong mag-apply para sa benepisyo sa Lifeline para sa isang serbisyo sa mobile at mag-apply para sa isang benepisyo sa ACP para sa isang serbisyo sa internet sa inyong bahay. Puwede rin ninyong gamitin ang inyong benepisyo sa Lifeline at ACP sa isang serbisyo sa internet mula sa parehong kumpanya.

Kung hindi na kayo kwalipikado para sa benepisyo sa ACP (halimbawa, ang inyong kita ay lampas sa antas ng kita o hindi na kayo lumalahok sa isang kwalipikadong programa ng mga benepisyo), dapat ninyo itong ipaalam sa inyong kumpanya ng internet ng ACP o sa ACP administrator sa loob ng 30 araw.

Tandaan: Kailangan ding matugunan ng mga kumpanya ng internet ang ilang partikular na pamantayan para makalahok sa ACP. Makipag-ugnayan sa kumpanya ng inyong internet para alamin kung lalahok ito. Kung naghahanap kayo ng kumpanya ng internet, pakibisita ang [Mga Kumpanyang Malapit sa Akin](#) para makahanap ng kalahok na kumpanya ng internet sa inyong lugar.

### Ano ang isang sambahayan?

Ang sambahayan ay isang grupo ng mga taong sama-sama sa isang tirahan at naghahati-hati sa kita at mga gastusin (kahit na hindi sila magkakadugo). Kumpletuhin ang [ACP worksheet ng sambahayan](#) para alamin kung may higit sa isang kwalipikadong sambahayan na nasa address ninyo. Kung may higit sa isang tao sa inyong sambahayan na lalahok sa ACP, lumalabag kayo sa mga tuntunin ng FCC at mawawala ang inyong benepisyo.

### Huwag ibigay ang inyong benepisyo sa ibang tao

Ang benepisyo sa ACP ay hindi naililipat. Hindi ninyo puwedeng ibigay ang inyong benepisyo sa ibang tao, kahit na kwalipikado siya para sa ACP.

### Magpakatotoo sa form na ito

Dapat kayong magbigay ng tumpak at makatotohanang impormasyon sa form at sa lahat ng form o questionnaire na nauugnay sa ACP. Kung magbibigay kayo ng hindi totoo o mapanlinlang na impormasyon, mawawala ang inyong benepisyo (ibig sabihin, de-enrollment at pagbawalan sa programa) at maaaring magsagawa ng legal na pagkilos ang gobyerno ng United States laban sa inyo. Maaaring kasama rito ang (ngunit hindi limitado sa) mga multa o pagkakulong.

### Maaaring kailanganin ninyong magpakita ng iba pang dokumento

Kung hindi ma-validate ng ACP Administrator na kayo o ang isang tao sa inyong sambahayan ay kwalipikado sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga available na electronic na sanggunian (kabilang ang mga database ng pagiging kwalipikado para sa mga partner na ahensya ng gobyerno ng FCC), maaaring kailanganin ninyong magbigay ng mga karagdagang dokumento. Halimbawa, maaaring kailanganin ninyong magbigay ng opisyal na dokumento na nagpapatunay sa inyong pakikilahok sa isang kwalipikadong programa ng tulong ng gobyerno, sa inyong kita, o sa inyong pagkakakilanlan. Magsama ng mga kopya ng inyong patunay na dokumentasyon kapag nagsumite kayo ng inyong mga aplikasyon para pabilisin ang tagal ng pagpoproseso.

### Paano Mag-apply

Para mag-apply para sa Affordable Connectivity Program, punan ang mga kinakailangang seksyon ng form na ito, lagyan ng inisyal ang bawat pahayag ng kasunduan, at lumagda sa pahina 7. Puwede rin kayong mag-apply online sa [AffordableConnectivity.gov](https://www.affordableconnectivity.gov) para sa pinakamabilis na pagpoproseso.

Ipadala sa koreo ang form sa address na ito:

**USAC**

**ACP Support Center**

**P.O. Box 7081**

**London, KY 40742**

### Pahina 2: Ang Inyong Impormasyon

Ang lahat ng patlang ay kinakailangan maliban kung isinasaad na hindi. Gumamit lang ng MALALAKING TITIK at itim na tinta para sagutan ang form na ito.

1. **Ano ang inyong buong legal na pangalan?** Ilagay ang inyong pangalan sa unang linya, gitnang pangalan (opsyonal) sa pangalawang linya sa unang hanay ng mga kahon, at apelyido sa pangatlong linya. Isama ang anumang suffix (opsyonal) sa pangalawang linya sa pangalawang hanay ng mga kahon. Pakigamit ang inyong buong, legal na pangalan na ginagamit ninyo sa mga opisyal na dokumento. Huwag gumamit ng palayaw.
2. **Ano ang numero ng inyong telepono?** Ilagay ang numero ng inyong telepono, kung mayroon kayo nito.

3. **Ano ang petsa ng inyong kapanganakan?** Ilagay ang buwan, petsa, at taon ng inyong kapanganakan sa ganoong pagkakasunod-sunod.
4. **Ano ang inyong email address?** Kung mayroon kayong email address, ilagay iyong dito. Inirerekomenda ang pagbibigay ng email address para mapadalhan kayo ng USAC ng mga status update tungkol sa inyong aplikasyon.
5. **Pag-verify ng Pagkakakilanlan.** Mangyaring pumili ng isa sa mga sumusunod para i-verify ang inyong pagkakakilanlan.
  - a. **Social Security Number.** Kung gusto ninyong i-verify ang inyong pagkakakilanlan gamit ang inyong Social Security Number, pakilagyan ng check ang kahon sa kaliwa ng subseksiyong ito at ilagay ang huling apat na digit ng inyong Social Security Number (SSN4) sa patlang na nasa ibaba nito. **Pakitandaang ang mga Social Security Number ay hindi kinakailangan para lumahok sa Affordable Connectivity Program, pero ang pagbibigay ng Social Security Number ay magbibigay-daan sa aming iproseso ang inyong aplikasyon sa pinakamabilis na paraan.**
  - b. **Tribal Identification Number.** Kung gusto ninyong gumamit ng isang Tribal Identification Number para i-verify ang inyong pagkakakilanlan, pakilagyan ng check ang kahon sa kaliwa ng subseksiyong ito at ilagay ang numero sa patlang na nasa ibaba nito.
  - c. **Iba Pang Anyo ng Pagkakakilanlan.** Kung gusto ninyong i-verify ang inyong pagkakakilanlan gamit ang iba pang anyo ng pagkakakilanlan, kabilang ang Lisensya sa Pagmamaneho, Military ID, Passport, Individual Taxpayer Identification Number (ITIN), o iba pang Government ID, pakilagyan ng check ang kahon sa kaliwa ng subseksiyong ito at piliin ang kahon para sa naaayong kategorya sa ibaba. Mangyaring magsama ng isang naka-scan na kopya o larawan ng inyong anyo ng pagkakakilanlan sa inyong aplikasyon.
    - Lisensya sa Pagmamaneho
    - Military ID Passport
    - Individual Taxpayer Identification Number (ITIN) Iba
    - Pang Government ID

### **Pahina 3: Ang Inyong Impormasyon (Pagpapatuloy)**

6. **Ano ang address ng inyong tirahan?** Ilagay ang address ng inyong tirahan. Ito dapat ang address kung saan kayo tatanggap ng serbisyo at hindi ito puwedeng maging isang P.O. Box. Kasama dapat dito ang numero ng inyong kalye at pangalan ninyo sa unang linya, ang numero ng inyong apartment o unit (kung mayroon kayo nito) sa pangalawang linya sa unang hanay ng mga kahon, ang lungsod sa pangalawang linya sa pangalawang hanay ng mga kahon, ang abbreviation ng estado sa pangatlong linya sa unang hanay ng mga kahon, at ang Zip code sa pangatlong linya sa pangalawang hanay ng mga kahon. Kung lilipat kayo, dapat ninyong i-update ang inyong address sa kumpanya ng inyong internet sa loob ng 30 araw.
7. **Isa ba itong pansamantalang address?** Lagyan ng check ang oo o hindi.
8. **Kung nakatira kayo sa kwalipikadong Tribal na lupain,** lagyan ng check ang kahon sa tanong 8. Ayon sa mga tuntunin ng ACP, kabilang sa Tribal na lupain ang laang lupa, Pueblo, o kolonya ng anumang pederal na kinikilalang tribong Indian, kabilang ang mga dating laang lupa sa Oklahoma; mga rehiyon ng Katutubong Alaska na itinatag alinsunod sa Alaska Native Claims

Settlement Act (85 Stat. 688); mga Indian na laang lupa; Hawaiian Home Lands—mga lugar na pinag-iingatan para sa mga Katutubong Hawaiian ng estado ng Hawaii, alinsunod sa Hawaiian Homes Commission Act, 1920 (Hulyo 9, 1921, 42 Stat. 108, at ang sumusunod, ayon sa pagsususog); at anumang lupang naitalaga bilang gayon ng FCC alinsunod sa proseso ng pagtatalaga sa mga tuntunin sa Lifeline ng FCC. May available na mapa ng mga kwalipikadong Tribal na lupain sa website ng USAC:

[https://www.affordableconnectivity.gov/wp-content/uploads/acp/documents/fcc\\_tribal\\_lands\\_map.pdf](https://www.affordableconnectivity.gov/wp-content/uploads/acp/documents/fcc_tribal_lands_map.pdf)

9. **Ano ang inyong address sa koreo?** Ilagay lang ang inyong address sa koreo kung naiiba ito sa address ng inyong tirahan. Kasama dapat dito ang numero ng inyong kalye at pangalan ninyo sa unang linya, ang numero ng inyong apartment o unit (kung mayroon kayo nito) sa pangalawang linya sa unang hanay ng mga kahon, ang lungsod sa pangalawang linya sa pangalawang hanay ng mga kahon, ang abbreviation ng estado sa pangatlong linya sa unang hanay ng mga kahon, at ang Zip code sa pangatlong linya sa pangalawang hanay ng mga kahon.

#### **Pahina 4: Taong Kwalipikado sa Benepisyo**

10. Punan lang ang seksyong ito kung kwalipikado kayo sa pamamagitan ng isang anak o dependyente. Kung kwalipikado kayo sa pamamagitan ng isang anak o dependyente, pakilagyan ng check ang kahon para ipakitang kwalipikado kayo sa pamamagitan ng isang taong kwalipikado sa benepisyo (benefit qualifying person, BQP). Dapat ninyong lagyan ng check ang kahong ito kung nag-a-apply kayo batay sa kasalukuyang pakikilahok ng isang menor-de-edad na estudyante sa isang programa sa libre o binawasang presyong lunch o almusal sa paaralan, o sa kanyang pagpasok sa isang Community Eligibility Provision (CEP) na paaralan, o batay sa pagtanggap ng isang menor-de-edad na anak ng sarili niyang benepisyo sa Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children (WIC).
11. **Ano ang kanyang buong legal na pangalan?** Ilagay ang buong, legal na pangalan ng anak o dependyente. Ilagay ang pangalan sa unang linya, gitnang pangalan (opsyonal) sa pangalawang linya sa unang hanay ng mga kahon, at apelyido sa pangatlong linya. Isama ang anumang suffix (opsyonal) sa pangalawang linya sa pangalawang hanay ng mga kahon. Ang pangalan ng taong kwalipikado sa benepisyo ay hindi puwedeng maging pareho sa aplikante at dapat itong tumutugma sa pangalan sa dokumentasyong nagpapakita ng pakikilahok sa kwalipikadong programa ng benepisyo.
12. **Ano ang petsa ng kanyang kapanganakan?** Ilagay ang petsa ng kanyang kapanganakan – buwan, araw at taon – sa ganoong pagkakasunod-sunod.
13. **Pag-verify ng Pagkakakilanlan.** Mangyaring pumili ng isa sa mga sumusunod para i-verify ang pagkakakilanlan ng inyong anak o dependyente.
  - a. **Social Security Number.** Kung gusto ninyong i-verify ang kanyang pagkakakilanlan gamit ang kanyang Social Security Number, pakilagyan ng check ang kahon sa kaliwa ng subseksyong ito at ilagay ang huling apat na digit ng kanyang Social Security Number (SSN4) sa patlang na nasa ibaba nito. **Pakitandaang ang mga Social Security Number ay hindi kinakailangan para lumahok sa Affordable Connectivity Program, pero ang pagbibigay ng Social Security Number ay magpoproseso ng inyong aplikasyon sa pinakamabilis na paraan.**

O

- b. **Tribal Identification Number.** Kung gusto ninyong gumamit ng isang Tribal Identification Number para i-verify ang kanyang pagkakakilanlan, pakilagyan ng check ang kahon sa kaliwa ng subseksyong ito at ilagay ang numero sa patlang na nasa ibaba nito.

O

- c. **Iba Pang Anyo ng Pagkakakilanlan.** Kung gusto ninyong i-verify ang kanyang pagkakakilanlan gamit ang iba pang anyo ng pagkakakilanlan, kabilang ang Lisensya sa Pagmamaneho, Military ID, Passport, Individual Taxpayer Identification Number (ITIN), o iba pang Government ID, pakilagyan ng check ang kahon sa kaliwa ng subseksyong ito at piliin ang kahon para sa naaayong kategorya sa ibaba. Mangyaring magsama ng isang naka-scan na kopya o larawan ng kanyang anyo ng pagkakakilanlan sa inyong aplikasyon.

Lisensya sa Pagmamaneho

Military ID Passport

Individual Taxpayer Identification Number (ITIN) Iba

Pang Government ID

### **Pahina 5. Maging kwalipikado para sa ACP**

Punan ang seksyong ito para ipakita na kayo, ang inyong dependyente, o ang isang tao sa inyong sambahayan ay kwalipikado para sa ACP. Maaari kayong maging kwalipikado sa pamamagitan ng ilang partikular na programa ng tulong ng gobyerno o sa pamamagitan ng inyong kita (hindi ninyo kailangang maging kwalipikado sa pamamagitan ng pareho). Kapag ipinadala ninyo ang form na ito sa koreo, mangyaring magsama ng mga kopya ng mga dokumentong nagpapakita na nakikilahok kayo sa isa sa mga programang napili ninyo o na kwalipikado kayo sa pamamagitan ng inyong kita. May listahan ng mga katanggap-tanggap na dokumento sa [website ng ACP](#). **Huwag dapat kayong magbibigay ng mga orihinal na dokumento.**

- 14. **Maging Kwalipikado sa Pamamagitan ng isang Programa ng Tulong ng Gobyerno.** Lagyan ng check ang kahon sa tabi ng lahat ng programang kinalalahukan ninyo o ng tao sa inyong sambahayan:

- a. Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP, tinatawag ding Food Stamps)
- b. Supplemental Security Income (SSI)
- c. Medicaid
- d. Federal Public Housing Assistance (FPHA)
- e. Pensiyon ng Mga Beterano o Mga Programa ng Benepisyo ng Mga Nakaligtas sa Digmaan
- f. Federal Pell Grant para sa kasalukuyang taon ng paggawad
- g. Special Supplemental Nutrition Program para sa Women, Infants, and Children (WIC)
- h. Programa sa Libre o Binawasang Presyong Lunch o Programa sa Almusal sa Paaralan, o pagka-enroll sa isang Community Eligibility Provision School. Kung pipiliin ninyo ang opsyong ito, pakilagay ang pangalan ng inyong paaralan, distrito ng paaralan, at estado.

Mga Programang Partikular sa Tribo

- i. Pangkalahatang Tulong ng Bureau of Indian Affairs (BIA)
- j. Tribal Temporary Assistance for Needy Families (Tribal TANF)
- k. Food Distribution Program on Indian Reservations (FDPIR)

- I. Tribal Head Start (para lang sa mga sambahayang natutugunan ang kwalipikadong pamantayan sa kita)  
O

#### **Pahina 6. Maging kwalipikado para sa ACP (Pagpapatuloy)**

**Maging Kwalipikado sa Pamamagitan ng Kita ng Sambahayan:** Kung palagay ninyo ay kwalipikado kayo para sa ACP sa pamamagitan ng inyong kita, kumpletuhin ang mga tanong 15 at 16. Kwalipikado kayo sa pamamagitan ng kita kung ang inyong kita ay nasa o mas mababa sa 200% ng Mga Pederal na Alituntunin sa Kahirapan. Karaniwang ina-update ang Mga Pederal na Alituntunin sa Kahirapan sa dulo ng Enero ng bawat taon.

15. **Kasama kayo, ilang tao ang nakatira sa inyong sambahayan?** Lagyan ng check ang kahon sa tabi ng naaangkop na numero.
16. **Ang inyong kita ba ay katumbas ng o mas mababa sa halagang nakalista sa aplikasyon para sa inyong estado at laki ng sambahayan?** Para mahanap ang threshold sa kita ng inyong estado, sundan ang linya sa tapat ng numero ng inyong sambahayan para mahanap ang mga limitasyon sa kita ng ACP. Lagyan ng check ang "oo" o "hindi" para ipakita na ang inyong kita ay nasa o mas mababa sa nakalistang numero. Ang unang column ay para sa mga sambahayan sa mas mababang 48 na estado, DC, at mga teritoryo. Ang pangalawang column ay para sa limitasyon sa kita para sa Alaska, at ang pangatlong column ay para sa Hawaii.

#### **Pahina 7: Mga Pagsasang-ayon at Lagda**

Lagyan ng inisyal ang tabi ng bawat kahon para sumang-ayon sa pahayag at lagdaan at lagyan ng petsa ang form. **Kung hindi ninyo lalagyan ng inisyal ang bawat pahayag, ang inyong aplikasyon ay ituturing na hindi kumpleto.**

Sumasang-ayon ako, at sumasailalim sa parusa kung magsisinungaling, sa mga sumusunod na pahayag:

17. Ako (o ang aking dependyente o iba pang tao sa aking sambahayan) ay kasalukuyang tumatanggap ng mga benepisyo mula sa (mga) programa ng gobyerno na nakalista sa form na ito o ang aking taunang kita ng sambahayan ay 200% o mas mababa sa Mga Pederal na Alituntunin sa Kahirapan (ang halagang nakalista sa talahanayan ng Mga Pederal na Alituntunin sa Kahirapan sa form na ito).
18. Sumasang-ayon ako na kung lilipat ako ibibigay ko sa kumpanya ng aking internet ang bago kong address sa loob ng 30 araw.
19. Nauunawaan ko na dapat kong sabihan ang kumpanya ng aking internet sa loob ng 30 araw kung hindi na ako kwalipikado para sa ACP, kabilang ang sitwasyong:
  - 1) Ako, o ang tao sa aking sambahayan na kwalipikado, ay hindi na kwalipikado sa pamamagitan ng programa ng gobyerno o ng kita.
  - 2) Ako o ang isang tao sa aking sambahayan ay makakatanggap ng higit sa isang benepisyo sa ACP.

20. Alam ko na ang aking sambahayan ay puwede lang tumanggap ng isang benepisyo sa ACP at, sa abot ng aking kaalaman, ang aking sambahayan ay hindi tumatanggap ng higit sa isang benepisyo sa ACP. Nauunawaan ko na puwede lang akong tumanggap ng isang nakakonektang device (desktop, laptop, o tablet) sa pamamagitan ng ACP, kahit na lumipat ako ng kumpanya ng ACP.
21. Sumasang-ayon ako na ang lahat ng impormasyong ibibigay ko sa form na ito ay maaaring kolektahin, gamitin, ibahagi, at panatilihin para sa mga layunin ng pag-a-apply para sa at/o pagtanggap ng benepisyo sa ACP. Nauunawaan ko na kung ang impormasyong ito ay hindi ibibigay sa Administrator ng Programa, hindi ko matatanggap ang mga benepisyo sa ACP. Kung iniaatas ng mga batas ng aking estado o ng Tribal na gobyerno, sumasang-ayon ako na ang estado o ang Tribal na gobyerno ay maaaring magbahagi sa ACP Administrator ng impormasyon tungkol sa aking mga benepisyo para sa isang programa sa pagiging kwalipikado. Ang impormasyong ibabahagi ng estado o ng Tribal na gobyerno ay gagamitin lang para makatulong na alamin kung makakatanggap ako ng benepisyo sa ACP.
22. Para sa aking sambahayan, pinaninindigan ko at nauunawaan ko na ang ACP ay isang subsidy ng pederal na gobyerno na binabawasan ang aking broadband internet access service bill at na sa pagwawakas ng programa, sasailalim ang aking sambahayan sa mga walang diskwentong pangkalahatang rate, tuntunin, at kundisyon ng kumpanya kung patuloy na magsa-subscribe ang aking sambahayan sa serbisyo.
23. Ang lahat ng sagot at pagsasang-ayon na ibinigay ko sa form na ito ay totoo at wasto sa abot ng aking kaalaman.
24. Alam ko ang sinasadyang pagbibigay ng hindi totoo o mapanlinlang na impormasyon para matanggap ang mga benepisyo sa ACP ay mapaparusahan ayon sa batas at maaaring magresulta sa mga multa, panahon sa kulungan, de-enrollment, o pagbawalan sa programa. *Ang sertipikasyon sa ibaba ay naaangkop sa lahat ng consumer at kinakailangan ito para iproseso ang inyong aplikasyon.*
25. Nagpakatotoo ako hinggil sa aking pagiging o hindi pagiging residente ng mga Tribal na lupain, ayon sa inilalarawan sa seksyong Ang Inyong Impormasyon ng form na ito.
26. **Lagda:** Pakilagdaan ang form.
27. **Petsa Ngayong Araw:** Ilagay ang petsa ngayong araw.

#### **Pahina 8. Impormasyon ng Kinatawan at Pahayag ng Batas sa Privacy**

Sagutan lang kung isang kinatawan ang magsusumite ng form na ito. Ang mga kinatawan ay tumutulong sa mga consumer na mag-apply (tulad ng mga ahente ng kumpanya ng internet, mga partner ng estado at Tribal na partner, atbp.) ay inaatasang magparehistro sa Representative Accountability Database at dapat nilang ilagay ang kanilang Representative ID sa seksyong ito.

28. **Ano ang inyong Representative ID?** Ang isang kinatawan na magsusumite ng form na ito ay dapat na maglagay ng kanilang representative ID ayon sa inirehistro sa Representative Accountability Database.

Sa pamamagitan ng pagbibigay ng numero ng telepono, pinapahintulutan ninyo ang USAC na makipag-ugnayan sa inyo sa numero ng teleponong iyon sa pamamagitan ng artificial o prerecorded na mensahe ng boses o text para sa mahahalagang paalala at update tungkol sa inyong benepisyo sa ACP. Para sa mga mensahe ng text, nalalapat ang mga rate sa mensahe at data. I-text ang STOP para itigil ang mga

mensahe.

**Para sa anumang tanong, mangyaring makipag-ugnayan sa Universal Service Administrative Company**

Website: [AffordableConnectivity.gov](https://AffordableConnectivity.gov)

Telepono: Tawagan ang ACP Support Center sa 1-877-384-2575

Email: [ACPSupport@usac.org](mailto:ACPSupport@usac.org)

### **Paano Napoprotektahan ng ACP ang Mga Consumer?**

**Napoprotektahan ng mga tuntunin ang mga tagapagtanggap ng Affordable Connectivity Program sa pamamagitan ng:**

- Pagbibigay-kapangyarihan sa mga consumer na piliin ang plano ng serbisyo na pinakanakakatugon sa kanilang mga pangangailangan (kabilang ang planong posibleng mayroon na sila);
- Pagtitiyak na mayroong access ang mga consumer sa mga sinusuportahang serbisyo sa internet anuman ang kanilang credit status;
- Pagbabawal sa mga kumpanya na hindi isama ang mga consumer na may mga hindi nabayaranang balanse o dating utang sa pag-enroll sa programa;
- Pagpigil sa mga consumer na mapilitan sa mga mas mahal o mas mababang kalidad na plano para matanggap ang ACP;
- Pagbabawas ng potensyal para sa bill stock o iba pang pinansyal na pinsala;
- Pagbibigay-daan sa mga tagapagtanggap ng ACP na lumipat ng kumpanya o alok sa serbisyo sa internet; at
- Pagbibigay ng isang nakalaang proseso ng FCC para sa mga reklamo sa ACP sa <https://consumercomplaints.fcc.gov>.

### **Pahayag ng Batas sa Privacy**

**Ang Pahayag ng Batas sa Privacy na ito ay nagpapaliwanag kung paano namin gagamitin ang personal na impormasyong ilalagay ninyo sa form na ito.**

Ang Batas sa Privacy ay isang batas na iniaatas ang Federal Communications Commission (FCC) at ang Universal Service Administrative Company (USAC) na ipaliwanag kung bakit namin hinihingan ang mga indibidwal ng personal na impormasyon at kung ano ang gagawin namin sa impormasyong ito matapos namin itong kolektahin.

**Awtoridad:** 47 U.S.C. §254; 47 U.S.C. §1752; 47 CFR Part 54, Subparts E at R.

**Layunin:** Kinokolekta namin ang personal na impormasyong ito para ma-verify namin ang inyong pagkakakilanlan at na kwalipikado kayo para sa Lifeline program o mga katulad na programa na gumagamit ng kita o pakikilahok ng consumer sa mga partikular na programa ng benepisyo ng gobyerno bilang mga pamantayan sa pagiging kwalipikado, tulad ng Affordable Connectivity Program. Ina-access, pinapanatili, at ginagamit namin ang inyong personal na impormasyon sa paraang inilalarawan sa Lifeline System of Records Notice (SORN), FCC/WCB-1, at sa Affordable Connectivity Program SORN, na dating kilala bilang Emergency Broadband Benefit Program SORN, FCC/WCB-3, parehong available sa <https://www.fcc.gov/managing-director/privacy-transparency/privacy-act-information#systems/>.

**Mga Regular na Paggamit:** Maaari naming ibahagi sa iba pang partido ang personal na impormasyong ilalagay ninyo sa you form na ito para sa mga partikular na layunin, tulad ng:



- Sa mga kontratista na tumutulong sa aming patakbuhan ang Lifeline program at mga katulad na programa na gumagamit ng kita o pakikilahok ng consumer sa mga partikular na programa ng benepisyo ng gobyerno bilang mga pamantayan sa pagiging kwalipikado, tulad ng Affordable Connectivity Program;
- Sa iba pang pederal at pang-estadong ahensya ng gobyerno at Tribal na ahensya na tumutulong sa aming pagpasyahan ang inyong pagiging kwalipikado sa Lifeline at pagiging kwalipikado para sa mga katulad na programa na gumagamit ng kita o pakikilahok ng consumer sa mga partikular na programa ng benepisyo ng gobyerno bilang mga pamantayan sa pagiging kwalipikado, tulad ng Affordable Connectivity Program;
- Sa mga kumpanya ng telecommunications at mga broadband provider na nagbibigay sa inyo ng serbisyo ng Lifeline at serbisyo sa ilalim ng katulad na programa na gumagamit ng kita o pakikilahok ng consumer sa mga partikular na pederal na programa ng benepisyo ng gobyerno bilang mga pamantayan sa pagiging kwalipikado, tulad ng Affordable Connectivity Program;
- Sa iba pang pederal na ahensya o sa iba pang administratibo o adjudicative na lupon kung saan awtorisadong humarap ang FCC;
- Sa mga naaangkop na ahensya, entidad, at tao kapag pinaghihinalaan ng FCC o nakumpirma nito na nagkaroon ng paglabag sa impormasyon; at
- Sa pulisya at iba pang opisyal na nag-iimbestiga ng mga potensyal na paglabag sa mga tuntunin ng Lifeline at iba pang programa.

May kumpletong paglilista ng mga paraan kung paano namin posibleng gamitin ang inyong impormasyon na naka-publish sa Lifeline SORN at sa Affordable Connectivity Program SORN (na dating kilala bilang Emergency Broadband Benefit Program SORN) na inilalarawan sa talatang "Layunin" ng pahayag na ito.

**Paghahayag:** Hindi kayo inaatasang ibigay ang impormasyong hinihiling namin, pero kung hindi ninyo ito gagawin, hindi kayo magiging kwalipikadong tumanggap ng mga serbisyo ng Lifeline ayon sa mga tuntunin ng Lifeline Program, 47 C.F.R. Part 54, Subpart E, o iba pang benepisyo sa ilalim ng mga tuntunin ng Affordable Connectivity Program, 47 C.F.R. Part 54, Subpart R.